
## Ang Lalaking Bulag na Nakakita kay Jesus

(Juan 9:1-41)



Si Jesus ay Anak ng Diyos! Mahal na mahal Niya tayo. Dumating Siya upang tumulong sa mga tao, magturo tungkol sa Diyos, at ipakita ang daan patungong langit. Gumawa si Jesus ng kamangha-manghang mga himala upang ipakita ang kapangyarihan at pagmamahal ng Diyos.

Isang araw, nakita ni Jesus at ng Kanyang mga alagad ang isang lalaking nakaupo sa tabi ng daan. Ang lalaking ito ay ipinanganak na bulag, hindi pa siya kailanman nakakita! Hindi niya alam kung ano ang itsura ng mga puno, bulaklak, o kahit ng sarili niyang kamay.

Tinanong ng mga alagad ni Jesus, "Bakit ipinanganak na bulag ang lalaking ito? Sino po ang nagkasala, siya o ang kanyang mga magulang?" Noong mga panahong iyon maraming tao ang naniniwala na ang ang pagdurusa at mga kapansanan ay direktang parusa sa kasalanan.

Ngunit sinabi ni Jesus, "Ipinanganak siyang bulag, hindi dahil sa nagkasala siya, o ang kanyang mga magulang. Nangyari ito upang maipakita ang kapangyarihan ng Diyos!"

Pagkatapos, gumawa si Jesus ng isang kamangha-manghang bagay! Dumura Siya sa lupa, gumawa ng putik, at maingat na inilagay ito sa mga mata ng lalaki. Sinabi ni Jesus sa kanya, "Pumunta ka at maghugas sa Paliguan ng Siloam."

Sinunod ng lalaki ang sinabi ni Jesus. Pumunta siya sa paliguan at hinugasan ang kanyang mukha. At alam mo ba kung ano ang nangyari? Nakakita siya! Sa unang pagkakataon, nakita niya ang maliwanag na araw, asul na langit, at masasayang mukha ng mga tao sa paligid!

Lahat ay nagtaka at namangha! Tinanong nila, "Ito ba talaga ang lalaking bulag noon?" Sumagot siya, "Oo! Pinagaling ako ni Jesus!"

Hindi naniwala ang ilang mga Pariseo. Ngunit matapang na sinabi ng lalaki, "Pinagaling ako ni Jesus! Siya ay mula sa Diyos!"

Nabalitaan ni Jesus na ang lalaking pinagaling niya ay pinalayas ng mga Pariseo. Kaya't nang matagpuan niya ito ay kanyang tinanong, “Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Tao?”

Sumagot ang lalaki, “Sino po ba siya, Ginoo? Sabihin ninyo sa akin upang ako'y sumampalataya sa kanya.”

“Siya'y nakita mo na. Siya ang kausap mo ngayon,” wika ni Jesus.

“Sumasampalataya po ako, Panginoon!” sabi ng lalaki. At sinamba niya si Jesus.

Mahal tayo ni Jesus at tinutulungan Niya tayo, tulad ng pagmamalasakit Niya sa lalaking hindi makakita. Tinutulungan tayo ni Jesus na makakita ng higit pa sa pamamagitan ng ating mga mata. Tinutulungan Niya ang ating mga puso makita at makilala Siya at ang Diyos Ama ng lubusan at maunawaan kung ano ang totoo, mabuti at tama na ating gawin.

